Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG SETYEMBRE 17, 2007, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:40 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ALAN T. PAMATMAT | ........ | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon | ......... | Kagawad |
| Kgg. Ramon D. Tan | ......... | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas | ......... | Kagawad |
| Kgg. Romulo A. Elca | ......... | Kagawad |
| Kgg. Laura P. Obligacion | ......... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ......... | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ......... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ......... | Kagawad |
| Kgg. Alden A. Sulit | ......... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico | ......... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

## KAPASIYAHAN BLG. 128-T'07

**KAPASIYAHANG NAGTATAKDA NG ALITUNTUNIN AT PAMAMARAAN SA PAGDINIG SA KASO – ADMINISTRATIBO NG MGA OPISYAL NG BARANGAY SA BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA AT NAGTATAKDA NG KAPARUSAHAN SA PAGLABAG DITO.**

**SAPAGKA'T**, itinakda ng Batas-Republika Blg. 7160 ang pagtupad sa tungkulin ng Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna bilang quasi-judicial body upang magpatibay ng pamamaraan sa pagdinig ng kaso-administratibo;

**SAPAGKA'T,** ang pagpapatibay ng alituntunin at pamamaraan sa pagdinig sa kaso-administratibo ay magiging basehan ng Sangguniang Bayan sa pagtupad ng tungkuling taglay ay "quasi-judicial power" alinsunod sa itinakda ng Tsapter 4 ng Batas Republika Blg. 7160.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ramon D. Tan, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Roselon F. Pamatmat at Mike Jomel M. Ombico at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang sumusunod na:

## KAUTUSANG BAYAN BLG. 15-T'07

**KAUTUSANG NAGTATAKDA NG ALITUNTUNIN AT PAMAMARAAN SA PAGDINIG SA KASO-ADMINISTRATIBO NG MGA OPISYAL NG BARANGAY SA BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA AT NAGTATAKDA NG KAPARUSAHAN SA PAGLABAG DITO.**

### ARTIKULO I
### LAWAK NG SINASAKOP

SEKSYON 1 – Ang kautusang ito ay sumasakop sa mga kaso-administratibong ihaharap sa mga opisyal ng barangay sa bayan ng Santa Cruz, Laguna.

### ARTIKULO II
### KAHULUGAN NG MGA SALITA

SEKSYON 2

1. Quasi-judicial power – kapangyarihang kahalintulad sa matalinong pagpapasiya at paglilitis.
2. Quasi-legislative Body – lupong dumidinig sa mga kaso-administratibo na may angking quasi-judicial power
3. Subpoena – utos sa pagpapaharap sa quasi-legislative body
4. Subpoena duces tecum – utos ng bumubuo ng quasi-legislative body sa isang taong haharap sa kaso na dalhin ang kaukulang dokumentong kailangan sa pagdinig ng kaso.
5. Kaso -Administratibo – usapin sa isang halal na opisyal na daraan sa pagdinig

## ARTIKULO III
## KOMPOSISYON NG QUASI-LEGISLATIVE BODY, TUNGKULIN AT KORUM

**SEKSYON 3** – Ang quasi-legislative body ay binubuo ng mga sumusunod:

| | | |
|---|---|---|
| Tagapangulo | - | Tagapamuno ng Lupon sa Batas |
| Pang. Tagapamuno | - | Tagapamuno ng Lupon sa Mabuting Pamamahala, Pampublikong asal at Pampublikong Pananagutan |
| Kasapi | - | Tagapamuno ng Lupon sa Barangay Affairs |
| | | Tagapamuno ng Lupon sa Karapatang Pantao |
| | | Tagapamuno ng Lupon sa Alituntunin at Pribilehiyo |
| Ex – Officio | - | Kgg. Pangalawang Punong Bayan |

**SEKSYON 4** – Tungkulin ng bumubuo ng Quasi-legislative body sa pagganap taglay ang "Quasi-judicial power".

a) Kapangyarihang tumanggap ng napatunayang reklamo administratibo laban sa opisyal ng barangay.
b) Kapangyarihang magpatawag, utos sa pagpapaharap at iba pang mga pamamaraan ng pagpapatawag sa magkabilang partido at mga testigo para makatiyak sa kanilang pagdalo.
c) Kapangyarihang magtanong ng kaliwanagan sa isinampang kaso sa nagsumbong, ipinagsumbong at mga saksi ito man ay direct, redirect o recross.
d) Kapangyarihang magpataw ng kaparusahan, magdisiplina, magsusupindi o mag-alis sa tungkulin nang naaayon sa itinakda ng batas.

**SEKSYON 5 – KORUM.** Ang mga nabanggit sa Seksyon 3 ng kautusang ito ay siyang bumubuo ng korum. Hindi maaaring magpatuloy sa pagdinig ng kaso-administratibo ang bumubuo ng Quasi-legislative body kung walang korum o sapat na bilang.

**SEKSYON 6** – Pagkawala ng karapatan. Sinumang bumubuo ng quasi-legislative body na nabanggit sa Seksyon 3 ng kautusang ito na kamag-anakan dahil sa matrimonyo (affinity) o kamag-anak sa dugo (consanguinity) ng nagsumbong at isinumbong ay walang karapatang lumahok sa pagdinig ng kaso na didinggin ng mga nanatiling kasapi ng "quasi-legislative body".

## ARTIKULO IV
## PARAAN NG PAGDINIG NG KASO-ADMINISTRATIBO
### (Administrative Due Process)

**SEKSYON 7** – Ang isang reklamo laban sa sinumang opisyal ng barangay ay ihaharap sa kinauukulang Sangguniang Bayan na ang kapasiyahan ay magiging pangwakas at ipatutupad.

**SEKSYON 8 – ABISO SA PAGKAKAROON NG PAGDINIG**

a) Sa loob ng pitong (7) araw makaraang ihain ang reklamong administratibo, ang bumubuo ng quasi-legislative body ng Sang. Bayan ay uutusan ang ipinagsumbong na magsumite ng konyang ganting salaysay (counter affidavit) sa loob ng labinlimang (15) araw mula sa pagkatanggap nito, at sisimulan ang pagsisiyasat ng kaso sa loob ng sampung (10) araw makaraang tanggapin ang kasagutan ng ipinagsumbong.
b) Walang pagsisiyasat ang maaaring isagawa sa loob ng siyamnapung (90) araw na dagliang nauuna sa alinmang halalang lokal at walang pagsususpinde ang ipapataw sa loob ng nasabing panahon. Kung ang pagsususpinde ay ipinataw bago dumating ang isang halalang lokal ay siyamnapung (90) araw na panahon bago dumating ang isang halalang lokal ay ipapalagay na awtomatikong inalis sa pagsisimula ng sinasabing naunang panahon.

**SEKSYON 9 – MGA KARAPATAN NG IPINAGSUMBONG** - Ang ipinagsumbong ay pagkakalooban ng buong pagkakataong magpakita at magtanggol ng kanyang sarili sa pamamagitan niya o ng abogado upang harapin at magsulit-tanong (cross examination) ng mga saksi laban sa kanya at hilingin ang pagdalo ng mga saksi at ang paglalantad ng mga katibayan para sa kanyang panig sa pamamagitan ng sapilitang proseso ng subpoena at subpoena duces tecum.

**SEKSYON 10 – ANYO AT ABISO NG KAPASIYAHAN**

a) Ang pagsisiyasat ng kaso ay tatapusin sa loob ng siyamnapung (90) araw mula sa pagsisimula nito; sa loob ng tatlumpung (30) araw makaraang matapos ang pagsisiyasat, ang kinauukulang sanggunian (quasi legislative body) ay magbibigay ng kapasiyahang nasusulat sa malinaw at tanging nagsasaad ng katotohanan at kadahilanan para sa naturang kapasiyahan. Ang mga sipi ng nasabing kapasiyahan ay mabilisang ipapadala sa ipinagsumbong at sa lahat ng mga interesadong panig.

b) Ang kaparusahang suspensyon ay hindi hihigit sa nalalabing panahon ng panunungkulan ng ipinagsumbong o anim na buwan para sa bawat administratibong paglabag o kung hindi ang nasabing kaparusahan ay magiging hadlang sa kandidatura ng ipinagsumbong hanggang makatugon siya sa mga kwalipikasyong hinihingi para sa tungkulin.

c) Ang kaparusahang pagpapaalis sa tungkulin bunga ng isang administratibong pagsisiyasat ay ipapalagay na hadlang sa kandidatura ng ipinagsumbong para sa anumang halal na posisyon.

**SEKSYON 11 – BATAYAN NG AKSYONG PANGDISIPLINA**

1) Ang isang pinunong lokal ay maaaring disiplinahin, suspindihin o alisin sa tungkulin sa alinman sa mga sumusunod na katwiran:

a) kawalan ng katapatan sa Republika ng Pilipinas
b) may salang paglabag sa Saligang Batas
c) kawalan ng katapatan, pang-aapi, kasamaan ng asal, labis na kapabayaan o pag-iwan sa tungkulin.
d) pagkakagawa ng alinmang kasalanang may kaugnayan sa kabalakyutang moral o isang kasalanang may kaparusahang pinakamababa ay pagkabilanggo ng mula sa anim (6) na taon at isang (1) araw hanggang labindalawang (12) taon.
e) pag-abuso sa kapangyarihan
f) walang kapahintulutang pagliban sa loob ng labinlimang (15) magkakasunod na araw ng paggawa, patungkol sa lokal na ehekutibo at apat (4) na magkakasunod na araw ng paggawa sa sangguniang barangay.
g) aplikasyon para sa pagkuha ng banyagang pagkamamamayan o paninirahan o ng katayuan ng isang nandarayuhan sa ibang bansa.
h) iba pang maaaring itakda ng Batas Republika 7160. Ang isang inihalal na pinunong lokal ay maaaring alisin sa tungkulin sa mga katwirang inisa-isa sa pamamagitan ng kautusan ng angkop na hukuman.

## ARTIKULO V
## APELA SA KASO-ADMINISTRATIBO

**SEKSYON 12 – APILA SA KASO-ADMINISTRATIBO** – Ang mga kapaciyahan sa kaso-administratibo, sa loob ng tatlumpung (30) araw mula sa pagkatanggap nito ay maaaring iapela sa Sangguniang Panlalawigan sa kaso ng kapasiyahan ng Sangguniang Bayan. Anumang kapasiyahan ng Sang. Bayan sa kaso-administratibo ay magiging pangwakas at ipatutupad.

SEKSYON 13 – **ANG PAGPAPATUPAD HABANG NAGHAHABOL** – Ang paghahabol ay hindi makahahadlang sa isang kapasiyahan na maging pinal at dapat ipatupad. Ang ipinagsumbong ay ituturing na inilagay sa ilalim ng suspensyon sa panahon ng pagkaantala ng paghahabol, kung sakali at manalo siya sa naturang paghahabol. Sa pangyayaring ang paghahabol ay magresulta ng isang kapatawaran, siya ay babayaran ng kanyang suweldo at iba pang kompensasyon sa panahon ng pagkaantala ng paghahabol.

## ARTIKULO VI
## KAPARUSAHAN/ PAGSUSPINDE

SEKSYON 14 – **PAGSUSUSPINDE** – Ang pagsususpinde ay maaaring ipataw

a) ng Punong Bayan kung ang ipinagsumbong ay opisyal ng barangay.

b) ang pagsususpinde ay maaaring ipataw sa anumang panahon matapos ang mga isyu ay pinagsama-sama, kung ang katibayan ng pagkakasala ay malakas at binigyan ng bigat ang kasalanan, mayroong malaking pagkakataon na ang pagpapatuloy sa panunungkulan ng ipinagsumbong ay maka-impluwensya sa mga saksi o mag-anyong banta sa kaligtasan at kalinisan ng mga talaan at iba pang katibayan. Subalit, na ang pagkakasuspinde ng isang pinunong lokal ay hindi hihigit ng animnapung (60) araw. Subalit bilang karagdagan na sa pangyayaring may iba't-ibang kaso-administratibong iniharap laban sa isang inihalal na pinuno, hindi siya maaaring isuspinde ng hihigit sa siyamnapung (90) araw sa loob ng iisang taon sa magkatulad na kadahilanan o mga kadahilanang umiiral at kinikilala sa panahon ng unang suspensyon.

SEKSYON 15 – Suweldo ng ipinagsumbong habang may suspensyon – Ang ipinagsusumbong na opisyal ng barangay na suspendido sa panunungkulan ay walang tatanggaping suweldo o kabayaran sa panahon ng naturang suspensyon. Subalit sa sandaling mapawalang-sala at mapabalik sa tungkulin ay babayaran ang buong suweldo o kumpensasyon kasama ang iba pang bayaring napadagdag sa panahon ng naturang suspensyon.

## ARTIKULO VII
## PANGHULING PROBISYON
## (FINAL PROVISION)

SEKSYON 16 – Kung anumang probisyon, seksyon o bahagi ng kautusang ito na ipinahayag na mapawalang-bisa ng hukuman na may hurisdiksyon sa kaso o sinuspinde ng Sang. Panlalawigan, ang pagpapasiya ng mga nabanggit na tanggapan ay hindi makakasama sa ibang probisyon, seksyon o bahagi ng kautusang ito at mananatiling may bisa.

SEKSYON 17 – Lahat ng ipapatupad na batas maging ito ay kaso-administratibo ay batay sa ipinaiiral na batas-nasyunal at lokal.

SEKSYON 18 – Anumang kautusan at alituntunin na salungat sa itinatagubilin ng kautusang ito ay dapat susugan at baguhin nang naaayon sa umiiral na batas.

SEKSYON 19 - Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay at maipaskel sa hayag na lugar sa nilolooban ng 15 araw.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahan/ kautusang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal at Liga ng mga Barangay, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**KGG. LOUIE C. DE LEON**
Kagawad

**KGG. RAMON D. TAN**
Kagawad

**KGG. JUN M. ASINAS**
Kagawad

**KGG. ROMULO A. ELCA**
Kagawad

**KGG. LAURA P. OBLIGACION**
Kagawad

**KGG. RICARDO B. RAMIREZ**
Kagawad

**KGG. ROSELON F. PAMATMAT**
Kagawad

**KGG. ANGELITO U. LIMJUCO**
Kagawad

**KGG. ALDEN A. SULIT**
Kagawad

**KGG. MIKE JOMEL M. OMBICO**
Kagawad

NAGPATOTOO:

alan S. Pamatmat

**KGG. ALAN T. PAMATMAT**
Pang. Punong Bayan
Tagapanguio

PINAGTIBAY:

**KGG. ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan

12/4/07